REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

SANGGUNIANG BAYAN

KAPASIYAHAN BILANG 89-120

**KAPASIYAHAN NA IDINEDEKLARA BILANG KALYE NG BARANGAY PUTATAN ANG PANGUNAHING KALSADA SA SOLDIERS' HILLS SUBDIVISION SA BARANGAY PUTATAN, BAYAN NG MUNTINLUPA.**

* * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * *

SAPAGKAT, ang mga naninirahan sa Soldiers' Hills Subdivision ay malaki ang ibinabayad na buwis sa kabang bayan ng Pamahalaan;

SAPAGKAT, ang nasabing pangunahing kalye ay hindi lamang pinakikinabangan ng mga naninirahan sa Soldiers' Hills Subdivision kundi pati na rin ang mga naninirahan sa Mutual Homes Subdivision at Camella Homes I at II ;

SAPAGKAT, ang pangunahing kalsada sa Soldiers' Hills Subdivision ay napakalubha ang pagkasira na halos hindi na madaanan ng mga sasakyan at malaking abala sa libu-libong naninirahan sa nasabing lugar, maging ng mga empleyado at mga mag-aaral at mga mangangalakal;

SAPAGKAT, kung magtatagal pa ang pagpapagawa o pagpapaayos ng nasabing kalye ay lalaki pa ang magugugol na salapi at lalong malaki ang mawawala sa ating kabang bayan;

SAPAGKAT, sa dami na ng mga samahan o mga pamunuan ng iba't-ibang subdibisyon na nagrereklamo sa Pamahalaang Bayan hinggil sa nasabing problema, ay sapat na upang agarang tugunin at lunasan ang matagal ng problemang kanilang idinadaing.

NGAYON, DAHIL DITO, ang Sangguniang Bayan ng Muntinlupa ay pinagpasiyahan ng buong pagkakaisa na ideklara na bilang kalye ng Barangay Putatan ang pangunahing kalsada sa Soldiers' Hills Subdivision upang magsilbing karapatan sa Pamahalaang Bayan na gumugol ng karampatang halaga sa pagkukumpuni ng nasabing kalye.

PINAGTIBAY NG SANGGUNIANG BAYAN NG MUNTINLUPA, KALAKHANG MAYNILA sa kanilang pang pitumpu't limang (75th) pangkaraniwang pulong na ginanap ngayong ika-25 ng Septiyembre,1989.

Mggl. IGNACIO R. BUNYE
Punong Bayan/Pangulong Opisyal

Kgg. CARLO G. TENSUAN
Konsehal

Kgg. ALEJANDRO L. MARTINEZ
Konsehal

REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

SANGGUNIANG BAYAN



Kgg. EPIFANIO A. ESPELETA
Konsehal

Kgg. REY E. BULAY
Konsehal

Kgg. LUCIO B. CONSTANTINO
Konsehal

Kgg. ROMAN E. NIEVES
Konsehal

Kgg. NEMESIO O. MOZO
Konsehal

Kgg. RUFINO B. JOAQUIN
Konsehal

Kgg. ROGER C. SMITH
Konsehal

Kgg. NOLASCO L. DIAZ
Konsehal

Kgg. VICENTE YU CHUA
Konsehal

PINATOTOHANAN :

G. RAUL R. CORRO
Kalihim Bayan

RRC:vts